**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**AND MR. ALJO BENDIJO**
**June 6, 2020 (11:01 A.M – 12:21 P.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga Pilipinas. Marami na po ang nagbago mula nang maapektuhan ang ating bansa ng COVID-19 pandemic. Bawat segundo ang matinding pag-iingat ang kinakailangan dahil sa ating kalaban na hindi nakikita.

Kasama pa rin ang mga resource person mula sa mga ahensya ng pamahalaan, muli nating sasagutin ang iba't ibang katanungan ng ating mga kababayan. Ako po si Usec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

At upang sumagot sa mga tanong ng bayan, makakasama natin sa programa sina National Task Force Against COVID-19 Chief Implementer Secretary Carlito Galvez, Jr.; OWWA Administrator Hans Leo Cacdac; Department of Trade and Industry Secretary Ramon Lopez; Department of Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire.

Makakasama rin natin sa paghahatid nang pinakabagong ulat ang mga PTV correspondents mula po sa iba't ibang probinsya at ang Philippine Broadcasting Service. Maya-maya lamang din ay makakasama natin sa studio si Aljo Bendijo. Para naman po sa inyong mga katanungan, maari kayong mag-comment o magpadala ng mensahe sa live streaming ng ating programa sa PTV Facebook page.

Para naman sa ating unang balita, patuloy po ang pagtulong ni Senator Bong Go sa ating mga kababayan na naging biktima ng sunog sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ayon sa Senador, sinisiguro ng kaniyang opisina na sumusunod sila sa proper health protocols na ipinatutupad ng DOH habang nagpapamahagi ng tulong. Bukod diyan, nagpaabot din ng tulong ang DSWD, DTI at ang National Housing Authority ng tulong tulad ng pinansiyal, livelihood assistance at pabahay sa mga nasunugan.

Kaugnay diyan, matatandaan na nitong nakaraang taon ng buwan ng Hulyo, naghain si Senator Go ng Senate Bill 204 o Fire Protection Modernization Act of 2019 na naglalayong mapalawig ang kapasidad ng pag-apula ng sunog ng BFP.

Samantala, tinaningan naman ni Pangulong Rodrigo Duterte ang mga ahensya na involved sa pamamahagi ng compensation benefits ng healthworkers na i-release ang mga tseke hanggang June 9.

Kaugnay sa naging privilege speech ni Senator Bong Go, hinikayat niya ang Executive Department na siguruhin na ang objectives at commitment sa ilalim ng Bayanihan to Heal as One Act ay maisasakatuparan.

Batay sa huling tala ng Department of Health, nitong Lunes umabot na sa 2,669 healthworkers sa bansa ang apektado ng COVID-19. Kaya naman panawagan ng Senador, i-release na agad ang nararapat na compensation sa mga healthworkers na namatay o infected ng virus na naaayon sa nasabing batas.

Samantala, hinimok pa rin po ni Senator Go ang DOLE, DTI at iba pang concerned agencies na magkaroon ng hakbang para tulungan ang milyung-milyong Pilipinong nawalan ng trabaho dahil sa pandemya.

Ayon kay DOLE Secretary Silvestre Bello III, aabot sa 2.6 milyong workers ang nawalan ng trabaho dahil sa health crisis. Aniya, ang dami ng mga nawalan ng trabaho ay malaking epekto sa ekonomiya ng bansa kung hindi magkakaroon ng mekanismo para agapan ito.

Binanggit naman ni Senator Go na sa ilalim ng Balik Probinsya, Bagong Pag-asa program, may mga nakalatag nang programa ang DOLE at DTI para sa mga nawalan ng hanapbuhay kaya dapat aniya na gamitin ito upang makatulong sa ating mga kababayan.

Kabilang sa mga programang inihanda ng DOLE ay ang Tulong Panghanapbuhay for Disadvantaged or Displaced Workers Program and Government Internship Program o TUPAD-GIP Special Employment Program para sa mga estudyante, Work Appreciation Program for on-the-job training experience, TULAY 2000 Program para naman sa mga persons with disabilities, job start for employment facilitation at iba pa.

Sa kabilang banda, ang DTI naman po ay nakahanda naman mamahagi ng iba't ibang uri ng financial assistance bilang suporta na makatutulong sa development ng mga micro, small and medium enterprises gaya ng Livelihood Seeding Program, Negosyo sa Barangay, Pondo sa Pagbabago at Pag-asenso Program, Enterprise Rehabilitation Program, Diskwento Caravan o Rolling Stores at Ginhawa Program.

Ayon kay Senator Go, dapat gawin ang lahat ng makakaya upang maibalik sa dating sigla ang ekonomiya ng bansa mula sa malaking epekto ng COVID-19 pandemic.

At upang alamin po ang pinakabagong updates sa mga pagsisikap ng pamahalaan sa paglaban po sa COVID-19 pandemic, muli nating makakasama sa programa si National Task Force Against COVID-19 Chief Implementer Secretary Carlito Galvez. Magandang araw, Secretary.

**SEC. GALVEZ:** Magandang araw po sa inyong lahat at sa atin pong nakikinig sa Laging Handa po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maraming salamat po sa inyong panahon, alam po naming kayo'y bising-bisi at naglilibot para matiyak pa rin po ang kalagayan ng ating mga kababayan dala ng pandemic.

Nagpadala po ng katanungan ang ating kasamahan sa media. Mula po kay Pia Rañada ng Rappler, ito po ang tanong niya: Could we have an update of contact-tracing efforts done using Stay Safe app and how many contacts have been traced; and also, when will used data collected by the—sige po, go ahead Secretary.

**SEC. GALVEZ:** Ang nakita po natin talaga nagsusumikap po ang DILG na talagang palakasin po ang ating contact-tracing at sa ngayon po talagang nagti-train pa ho tayo. And then iyon nga, nagsabi nga po ang ating DOH Secretary na they will be indulging on recruiting more contract-tracers. Ang ating Stay Safe app ay ini-endorse po namin ng DILG para at least gamitin po ng ating mga LGU.

Kahapon po nag-usap-usap po kami ng mga LGU at saka iyong ano ng ULAP at kasama natin ang mga mayors ng NCR at saka iyong mga key LCE na nandoon po si DILG at iyon po ang inaano po natin na talagang paigtingin po natin ang ating istratehiya para magkaroon po tayo ng expanded testing at saka tracing at ang paggamit po ng mga apps para at least ma-gain nga po natin ang mga affected residents para at least magkaroon po tayo ng contact-tracing.

Nakikita po natin na may mga areas pa tayo na dapat ay i-improve pero nakita rin natin na iyong ating improvement sa contact-tracing ay tumataas na po hanggang 80 porsiyento, hanggang 90 porsiyento na po ang kapabilidad ng ating mga ibang key agencies.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Iyong second pong tanong ni Pia: When will users data collected by the platform be turned over to DICT?

**SEC. GALVEZ:** Iyan po, pag-usapan po namin sa IATF. Sa ngayon po ay hindi pa po natin na turnover. We will talk with the DICT and also with the DILG kasi ang gagamit po nito talaga ay iyong ating mga LGU at saka iyong ating mga nandito sa ating National Task Force at saka sa IATF.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, may katanungan din po ang ating kasamahan na si Aljo Bendijo na nasa studio po ngayon. Aljo…

**BENDIJO:** Usec., magandang umaga, Usec. Rocky 'no. Secretary Galvez, nitong June 1 ay sumailalim nga ang Kalakhang Maynila sa General Community Quarantine kumusta po ang naging obserbasyon ninyo rito?

**SEC. GALVEZ:** Nakikita po natin na medyo talagang… isa sa nakita nating obserbasyon nang nag-ikot-ikot tayo ay talagang medyo ang ating mga kababayan ay medyo talagang takot pa rin na lumabas. Nakikita natin na though sa Commonwealth mayroon nang konting traffic pero nakita namin normal iyong mga tinatawag natin na mga key convergent areas. At sa

ngayon po ay umiikot-ikot pa rin po ako at nakikita ko sa along EDSA, walang gaanong traffic at nakikita rin natin na medyo normal ang sitwasyon at medyo mayroon na ring nagbubukas na mga business siguro. Mamaya siguro si Secretary Mon ang magsasalita na about iyong mga naging obserbasyon po namin.

Sa ngayon po, tinitingnan po namin ang mga iba-ibang lugar especially iyong mga tinatawag nating mga critical areas. At ang sinabi ko nga po kanina, nagpulong po ang lahat ng mayors at ating mga analytics at talaga pong inoobserbahan po namin, nagbabarangay-barangay na po kami, tinitingnan po namin ang granular data ng mga barangay at inimpormahan po namin kung anong mga barangays ang dapat na specific na i-survey ng mga mayors at saka ng ating mga governors.

**BENDIJO:** Opo. Secretary Galvez, ano naman po ang nakahandang plano ng pamahalaan para sa, medyo marami po ito, 42,000 OFWs na magbabalik po sa Pilipinas?

**SEC. GALVEZ:** Nagkaroon na po kami ng pagpupulong nila Secretary Lorenzana at saka ng DOLE at saka ng ating DOTr, iyong mga Secretary po natin ng DOT kasama po si OWWA. Ini-improve po natin ang ating system, ang ano po natin ay gagawin nating electronic ang data, ang gagawin natin doon sa pre-departure nila sa abroad. At kaya nakikita natin na iyong ating DFA at saka ng ating OWWA at saka DOLE ay gagawa ng hakbang para at least makuha na kaagad ang data doon sana sa abroad.

And then ang gagawin natin para hindi ma-congest ang Metro Manila ay gagamitin natin ang ibang paliparan. Sa ngayon nga po, kahapon mayroon na pong bumaba dito sa Clark at oobserbahan po namin, titingnan namin po [unclear] ng testing center, titingnan namin iyong turnaround time. Ang target namin ay makauwi kaagad sila nang by Monday, so ngayon na naman po may mga lumapag na naman po na mga OFW dito sa Clark at nandoon po si Secretary Vince Dizon at inaasikaso niya po ang ating mga OFW.

Nakita rin po natin na iyong ibang mga OFW na nag-positive ay talagang inaalagaan po natin dito sa Philippine Arena at kahapon nga po ay 78 po ang napalabas po na naka-recover, from being a positive ngayon ay nag-negative na po.

So sa ngayon po ay tuluy-tuloy po ang aming ano… nagkakaroon po kami ng tinatawag na pagpupulong at inaayos po namin ang organisasyon ng ating mga OFWs para at least ma-correct natin iyong mga tinatawag na mga shortcomings natin previously. We apologize kasi talagang napakadami po talaga ng mga parating nating OFWs. Ngayon kinu-control po natin na at least magkaroon po tayo ng regulated inbound passengers na more or less 1,500 a day.

**BENDIJO:** So ibig sabihin noon, kapag sila po ay nakarating na ng bansang Pilipinas, kung saan mang airport sila lalapag, tuluy-tuloy po, smooth, seamless ang kanilang flight papunta sa kanilang mga bayan outside Metro Manila, outside Luzon.

**SEC. GALVEZ:** Iyon po ang ano namin, ang usapin po namin ay limang araw lang po ang ilalagi nila dito sa Manila o saan man sila nilapag. At ang target date po namin ay limang araw at sila po ay mapauwi na po. Iyon po ang ginagawa po namin as much as possible na iyong holding time namin dito sa Metro Manila at saka sa other na gateway ay bibigyan po namin ng five days. And then later siguro, kapag medyo nag-improve, magiging three days or four days.

So ganoon po ang initial recommendation po ng ating Secretary Tugade na bibigyan natin ng ating mga agencies na gawin lahat ang mga coordination sa LGUs during the time na hinihintay natin iyong turn around ng result ng testing. So alam po natin na kapag lapag po nila kaagad ay dadaan sila sa one-stop-shop and then they will be tested and then they will be brought by OWWA and be (unclear) sa ating mga hotels. And then they will wait for the result and then afterwards, we will fly them to the different areas of Visayas and Mindanao; at saka ito namang sa Luzon, dito sila magku-concentrate sa PITX para ating bigyan ng transportasyon ng DOTr ang mga buses inaano po ng OWWA at saka ng ating DOTr.

Iyon po ang ano namin, amin pong inaano sa ating mga kababayan na sa abot nang magagawa na mahal na gobyerno na ating pagbubutihin ang ating pagganap at pagtingin sa ating mga OFWs.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, kaugnay naman po sa mga procured PPEs. Kumusta na po iyong supply ng ating mga PPEs at iba pang medical equipment sa bansa, sapat po ba ang dami nito para sa mga susunod na buwan?

**SEC. GALVEZ:** Sa ngayon po ang ating procurement po ng PPE ay tuluy-tuloy – 11 million po ang ating bibilihin. Sa ngayon po iyong tranches ng three million ay nandito na po at amin na pong dini-distribute ng second tranche (unclear) sa buong bansa. Sa ngayon po, more or less, mga three million na po ang ating na-distribute – iyong atin pong na procure 1.8 million at saka, more or less, iyong tulong ng ating mga private sector at saka LGUs, more or less mga two million. So three million na po ang initially ang ano po natin sa ating mga frontliners. Sa ngayon po ay dumadating na po iyong ating procurement of three million, at na-stabilize na po ang supply and demand.

Iyong ating mga test kits at saka iyong mga consumable, mayroon na pong dumating na more or less 75,000 Sansure. At by next week po ay i-stabilize na po namin ang supply chain. At nakikita po natin iyong mga testing capacity po natin ay mag-i-increase na po. We are planning really to test, more or less, mga one percent …one or two percent ng ating population. Meaning, more or less, mga one million ang target po namin by August. Ang ano po natin is tuluy-tuloy po ang gagawin po nating testing.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, kaugnay diyan, kasi may isa pong concerned citizen na nagsabing may mga peke daw di-umanong medical equipment na ibinibenta mula daw po sa Korea. Ano po ang masasabi ninyo dito at paano ninyo po matitiyak na hindi substandard ang mga gagamiting PPEs ng ating mga frontliners?

**SEC. GALVEZ:** Wala po tayong kinuha sa South Korea. Ang ano po natin ay doon po kaagad diretso po sa manufacturer ng China. At po ay mga Level 4 at saka pina-evaluate natin ito, amin pong sinuri noong nag-ikut-ikot po kami sa different hospitals at ang sabi nila ay maganda po iyong mga PPEs po natin.

Kung titingnan ninyo po iyong graph ng ating casualties at saka ang mga na-infect na mga health workers ay talagang bumaba po. Noong March 24 noong nagkaroon tayo ng mga distribution ng PPEs ay talagang nabawasan na po ang casualty ng ating mga doctors at nurses. Kung titingnan po natin na ngayong May, talaga pong wala na po tayong halos nagkakaroon ng balita na nagkaroon tayo ng casualty dahil sa kakulangan ng PPE.

Iyon po ang ano natin at saka ang ginagawa po natin ay direct po tayo sa supplier kaya hindi po nagkaroon ng substandard. We will not compromise the standard of the PPEs because it will greatly affect the health and safety of our frontliners.

**BENDIJO:** Secretary Galvez, kumusta po ang mga accredited na mga testing laboratories natin sa iba't ibang parte ng Pilipinas, Sec?

**SEC. GALVEZ:** Tumataas na po. Sa ngayon po ay 52 na po iyong accredited natin na ano po, 25 po sa Metro Manila at marami na po tayo sa iba-ibang lugar. At noong dati sa ano natin ay maano po tayo… at kung puwede ay magdadagdag pa po tayo. Kung puwede, i-increase po natin ang capacity po natin.

**BENDIJO:** Opo. Sec., sa pahayag po ni DILG Secretary Año, bawal pa rin daw ang angkas kahit sa mga mag-asawa. At kaugnay niyan, marami pong mga netizens ang nagtatanong kung hindi daw ba saklaw ng batas na ito iyon pong mga frontliners gaya po ng mga pulis na nakikitang may angkas na kapwa din pulis, Sec?

**SEC. GALVEZ:** Ang ano po natin iyong angkas po ay pag-uusapan po namin ulit dahil kasi po ay talagang naiintindihan po namin po iyon. Pero iyon po, naiano po namin sa aming meeting with the President na talagang mahihirapan po tayo lalo na kasi kung magkakaroon tayo ng pagbibigay, alam po natin ang Cebu at saka Metro Manila ay mataas pa ang transmission. So hindi pupuwede na pagbibigyan po natin ang nasa probinsiya, hindi natin pagbibigyan din po dito sa Manila. So ang ano po natin, talagang absolute po kasi nakita po natin iyong social distancing, iyong basic foundation ng health protocol ay maba-violate po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, sinabi po kamakailan na ang probinsiya ng Iloilo ay one of the role models pagdating po sa paglaban sa COVID-19 dahil sa lumiliit nitong kaso. Ano po ang tingin ninyo ang naging strategy nila na dapat pong i-adopt ng iba pa nating mga lugar?

**SEC. GALVEZ:** Ang nakita natin iyong leadership talaga ng LGU ang pinakaimportante, iyong direksyon, mayroon silang plano. And then maganda doon sa Iloilo at saka doon sa area ng Panay, mayroon silang One Panay Policy, na puwede silang mag-ano… lahat ng kanilang mga directive at saka mga desisyon ay very collective. Katulad din ng Davao at saka ng CAR, ng

Region I at saka itong mga areas, nakita ko na pinaka-basic talaga is iyong pagkakaisa ng bawat leader kung ano ang gagawin nila. So iyong mga decisions nila ay very collective so they were able to respond immediately and collectively at saka na-mitigate nila nang maayos ang effect dito sa economy.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Inaasahan kasi po, Secretary, na mararamdaman ang epekto ng COVID-19 pandemic hanggang sa taong 2021. So, paano ito pinaghahandaan po ng pamahalaan?

**SEC. GALVEZ:** Ganito po ang aming planning, ang ano po namin, ang planning namin talaga po ay more than 16 months. Pero ang inaano po natin, pinaghahandaan po natin na maka-respond tayo na ma-sustain po natin iyan. Kaya ang nakita po natin, na bina-balance po natin ang health at saka po iyong economy dahil itong pong dalawang ito ay hindi po natin ma-sustain ang ating fight kung talagang dadapa ang ating economy.

So ang ginagawa po natin talaga ay collective ang ating decisions with the private sector so that when we are fighting COVID, the support of the private sector is there at nakikita po natin na talagang sila po ay tumutulong po talaga. Gusto ko po sanang pasalamatan ang lahat ng mga tumulong po sa atin dito sa fight natin sa COVID.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, alam namin pong kayo ay abalang-abala ngayong araw na ito, ano na lamang po ang inyong mensahe sa ating mga kababayan?

**SEC. GALVEZ:** Ang ano po natin ngayon, dahil nagluwag po tayo, ang frontliner po natin ngayon ay ang ating mga kababayan dahil sila po ang nakakaalam para protektahan po nila ang kanilang mga sarili at ang kanilang pamilya at ang kanilang mga mamamayan.

So, ang ano po namin sa ating mga mamamayan na doble ingat, stay safe at saka ano po talaga... iyong social distancing at saka iyong hygiene, ito iyong tinatawag nating best defense at saka best offense natin against COVID.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat sa paglalaan ng inyong oras ngayong umaga, National Task Force Against COVID-19 Chief Implementer Sec. Carlito Galvez Jr. Stay safe po, Secretary.

**SEC. GALVEZ:** Maraming salamat po at ang ating gobyerno ay [garbled].

**BENDIJO:** Okay. USec. Rocky, sa puntong ito ay dumako naman tayo sa pinakahuling mga balita mula sa iba't-ibang lalawigan sa bansa. Mula sa Philippine Broadcasting Service, makakasama natin si Dennis Principe.

[NEWS REPORT BY MAE FORMARAN]

[NEWS REPORT BY JP HERVAS]

[NEWS REPORT BY NASHRA ANNI]

**BENDIJO:** Maraming salamat, Dennis Principe.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, Aljo, upang makibalita sa sitwasyon sa pagpapauwi ng ating mga OFWs na stranded at nananatili sa mga quarantine facilities, makakausap natin via phone patch si OWWA Administrator Hans Leo Cacdac. Magandang araw po, sir!

**ADMIN. CACDAC:** Magandang araw, USec. Rocky, sir Aljo. Sa inyong mga tagapakinig, tagapanood, magandang araw po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Alam namin abalang-abala kayo at may pulong kayo, mabilis lang po. Kamakailan po ay nagbigay ng direktiba si Pangulong Duterte na pauwiin na ang nasa mahigit 24,000 OFWs po na na-stuck sa kani-kanilang quarantine areas. Ano po iyong update na dito at paano iyong inyong naging mekanismo para mapabilis po ang pagpapauwi sa kanila?

**ADMIN. CACDAC:** Opo. Nag-ulat na po si Sec. Bello sa taumbayan, kay mahal na Pangulo na 25,002 po ang napauwi from May 25 to May 31. So, ganap po ang ating pagpapauwi noong panahon na iyon and since that time noong May 31—

From June 1 naman po to June 5, mga 6,700 naman po ang nadagdag pang naiuwi, kaya ang running total natin is around 31,700.

So, patuloy po ang pagpapauwi, USec., at iyon naman pong proseso ay simple lang, the formula is simple and we're so thankful for the DOTr, kay Sec. Art Tugade dahil iyon pong strong partnership with the CAAP, doon sa mga chartered flights at sa chartered voyages at sa chartered buses with GMG(?) ng Philippine Ports Authority and iyong ating PITX Terminal sa Parañaque ay nailunsad iyong mga biyahe, iyong mga lipad-lipad, iyong paglayag at iyong pagbiyahe ng mga bus. Mga 70% noong 25,000 ay sa pamamaraan na iyan and the around 30% ay iyong mga nai-turnover sa mga kamag-anak at mga LGUs. So, nagpapasalamat din tayo sa mga LGUs na nagsundo ng kani-kanilang constituents sa mga iba't-ibang quarantine facilities sa panahon na iyon.

**BENDIJO:** Opo. Administrator Cacdac, out of all OFWs na nawalan po ng trabaho, gaano po karami iyong mga land-based at iyong sea-based? So far, ilan na iyong dami ng mga naasikaso natin para po sila makauwi sa kani-kanilang mga bayan?

**ADMIN. CACDAC:** Oo, itong—iyong mga nawalan ng trabaho ay—mukhang talagang natamaan itong cruise ship industry kung saan mga 25,000 na ang nakakauwi na mga kababayan natin, mga cruise ship workers natin dahil nga alam natin na dumapa ang cruise ship industry worldwide, globally at hindi inaasahang makakabangon sa mga darating na buwan kaya't sila talaga ay mawawalan ng trabaho na pansamantala lang naman.

Sabi naman ng cruise ship employers, ship owners, in fairness sabi nila once mag-resume ay siguradong ire-rehire nila ang lahat. So, iyong sa cruise ship talaga ang natamaan.

Sa land-based, marami ding mga ilang workers ang nanumbalik, mga tinatayang 18,000 iyong nakabalik mula noong nagsimula ang krisis lalo na itong ECQ.

And nararamdaman natin doon sa DOLE-AKAP Program ni Sec. Bello na sang-ayon sa Bayanihan We Heal as One Act, iyong para sa financially displaced workers, naramdaman natin na marami talaga ang nangangailangan dahil sa ngayon 72,000 na ang nabigyan ng DOLE-AKAP P10,000 financial displacement fund.

And iyon naman pong mga balanse, mayroon pang mga around 200,000 na aplikante na kailangan pang ma-cover kaya inaasahan natin dito sa second round of legislation ay mako-cover din sila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Administrator, pero ano po iyong assistance na makukuha nila mula sa kanilang agency especially iyong mga hindi po natapos iyong kanilang kontrata dahil nga sa COVID-19? Puwede po bang maibalik sa mga stranded OFW iyong mga ginastos nila para makalipad patungong ibang bansa o papaano po sila tutulungan ng OWWA?

**ADMIN. CACDAC:** Sa ngayon, dalawa ang level o lebel ng pagtulong. Una, iyong kakakuwento ko lang na sa Bayanihan We Heal as One Act social amelioration. Mukhang dito sa padating na second round of legislation, socioeconomic stimulus naman ito, mukhang mayroon ding something in store for our workers in terms of financial assistance.

But kamakailan lamang, noong Huwebes, June 4 ay nagpasya ang OWWA Board of Trustees na magbibigay din ng cash assistance sa mga nanunumbalik na active OWWA members… nanumbalik na active OWWA members. So, naglaan ng P2 billion ang Board para sa bagay na ito at inaasahan nating magsisimula na tayong mag-accept ng applications beginning next week.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir, sa mga susunod na buwan, may mga bansa po sa Gitnang Silangan ang magbubukas na ng kanilang mga paliparan. Mayroon po ba tayong mga bagong direktiba tungkol sa pagbabalik ng mga kababayan natin sa kanilang mga trabaho sa mga host countries?

**ADMIN. CACDAC:** Yes. Sa ngayon pa lang, USec., tumutulong na tayo. Kasi itong mga chartered flights na ipinapadala natin sa mga probinsiya pagbalik po niyan karamihan ay nangangailangan din ng pasahero pabalik. So, itong mga pagpapauwi natin sa mga probinsiya, may bumabalik ho, sa return flights niya mayroon na ho iyan silang na isasakay kaya sa ngayon, patuloy iyong ating transport assistance sa mga gustong manumbalik sa ibang bansa.

At alam din natin na sa direktiba ng IATF at ni Sec. Bello ay ang POEA ay nagbukas na rin ng kanilang mga tanggapan para sila ay mag-process na noong mga returning workers lalo na rin

iyong mga seafarers, iyong tinatawag na crew change dahil kailangang palitan na iyong mga naglalayag nating marino na kailangang na magpahinga rin, hindi mag-fatigue. So, mayroon ng ganoong mga mekanismo sa ngayon, sa pagpoproseso ng mga gustong lumabas at magbibigay din ng transportasyon sa mga gustong lumabas mula sa kani-kanilang mga lalawigan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Follow-up lang po, Administrator. Mayroon po bang bagong requirements na kakailanganin para kailangan nilang kuhanin para makabalik po sila sa kani-kanilang employers abroad?

**ADMIN. CACDAC:** Siguro, ang mahalaga dito ay makipag-touch base sa kani-kanilang mga recruitment agencies for the requirements. Doon naman sa mga manunumbalik na bilang balik-manggagawa ay malamang mas madali ang sistema dahil kapag sila naman ay tinatanggap ng kanilang employer muli, renewal ng kontrata ay madali lang silang makabalik.

But of course, all of these, USec., is subject to the travel restrictions ng host country. So, lahat naman ito ay pumapaloob sa kani-kanilang travel restriction sa host country. Halimbawa, alam natin sa UAE at sa Saudi medyo mahigpit pa ngayon, so iyon ay nakadepende rin sa pagtanggap. Kaya ang karamihan ng mga mas malaki ang tsansa na makabalik ngayon, iyong mga seafarers doon nga sa crew change na nababanggit ko, pagpapalit ng mga shift kumbaga, ng crew sa barko at iyong mga ilan ding mga employer, mga bansa na willing tumanggap ng mga OFWs na nanunumbalik.

**BENDIJO:** Opo. Atty. Cacdac, sa kasalukuyan ba ay may bilang na ang ahensya kung ilang mga OFWs na nasa mga quarantine facilities ang naka-recover matapos makumpirmang nagpositibo sa sakit na COVID-19?

**ADMIN. CACDAC:** Wala lang akong bilang sa ngayon, sir Aljo. But ang good news dito sa aming obserbasyon, karamihan noong mga nagpositibo na nasa quarantine facilities natin ay mga asymptomatic at wala silang sintomas; nagulat nga sila na positibo sila. Pero gayunpaman ay ang bilis ng recovery nila. Mayroon akong isang kasong naman na within three days, positibo siya ngayon, dinala siya sa stringent facility - DOH supervised - within three days negative na siya.

Ang magandang balita dito, ito iyong kumbaga ay pang-engganyo din namin or pangtaas ng kumpiyansa sa mga mahal nating OFWs na nagpo-positive, okay lang iyan, harapin ninyo iyan kasi asymptomatic kayo. Tibayan lang ninyo ang loob ninyo at makaka-recover kayo, mabibilang na kayo sa istatistika ng recovery instead of positive.

**BENDIJO:** Opo. Sir, Leo, ano na lamang ang inyo pong mensahe sa ating mga kababayan lalo na sa ating mga OFWs?

**ADMIN. CACDAC:** Yes. Mga mahal nating OFWs at pati na rin sa inyong mga pamilya, umasa po kayo na nandito tayo sa OWWA para magbigay ng inyong welfare. Pagkatapos nga ng ating

panayam ngayon ay tutungo na ako sa airport at pinatitingnan sa akin ni Sec. iyong sitwasyon doon at kami rin mamayang hapon ay magra-rounds kasama ng mga team of nurses at iyong ating mga midwives para doon sa mga buntis at titingnan natin. We will do the rounds and look into the situation of our OFWs.

Aalagaan po namin kayo, siguro ang task lang ng mahal nating mga OFWs sa quarantine facilities is to keep yourselves physically and mentally healthy para buong-buo po kayo kapag kayo ay nakauwi sa inyong mga mahal sa buhay.

**BENDIJO:** Maraming salamat po sa inyong panahon, OWWA Administrator Hans Leo Cacdac.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Mula naman po PTV Davao, may ulat din si Clodet Loreto.

[NEWS REPORT BY CLODET LORETO]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Clodet Loreto.

**BENDIJO:** Samantala, pumirma sa isang partnership agreement ang Lungsod ng Valenzuela at Bacoor kasama ang JoyRide at Happy Move PH na layong mabigyan po ng dagdag na mapagkakakitaan ang maraming mga tricycle drivers na naapektuhan ang kita sa kabila ng mga ipinatutupad na guidelines. Narito ang ulat:

[NEWS REPORTING]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, kahapon naman po nagbigay ng karagdagang 5 billion cash dividend ang Philippine Amusement and Gaming Corporation o PAGCOR sa National Treasury bilang suporta sa tugon ng pamahalaan sa gitna po ng pandemya, kaya naman umabot na sa 17 billion pesos ang kabuuang halaga ng kanilang dividend contribution para sa taong 2019.

Ayon kay PAGCOR Chairman and CEO Andrea Domingo, ang paglabas ng karagdagang cash dividends ay alinsunod sa Republic Act 14469 o Bayanihan to Heal as One Act at Republic Act 7656 na nagre-require sa mga Government Owned and Controlled Corporations na magbahagi ng malaking halaga mula sa kanilang net earnings. Kaya naman umaasa si PAGCOR Chairman and CEO Domingo na malaki ang maitutulong nito sa pagtugon ng gobyerno sa ating laban sa COVID-19 pandemic.

Ngayong nahaharap tayo sa matinding crisis, isa rin po sa tulong na ipinaabot ng PAGCOR sa ating mga kababayan ang mga donasyong pagkain at iba pang medical equipment para sa mga frontliners, ospital at mga komunidad sa National Capital Region at ilang bahagi ng Luzon. Dagdag pa diyan, maging ang mga charitable arms ng mga licensed casino sa bansa ay nagpaabot din nang direktang assistance sa gobyerno para makatulong sa paglaban natin sa COVID-19.

**BENDIJO:** Samantala, dumako naman tayo sa pinakahuling tala ng Health Department sa bilang ng kaso ng COVID-19 sa bansa. Umakyat na sa 20,626 ang kabuuang bilang ng tinamaan ng COVID-19 sa Pilipinas; 987 ang nasawi, ngunit nagpapatuloy ang pagtaas ng bilang ng mga gumagaling sa sakit na umabot na sa 4,330. Kaya naman ipinapaalala namin sa lahat: panatilihin ang physical distancing, paghuhugas ng kamay at pagsuot ng face mask. Hangga't maari, kung hindi naman kinakailangan ay huwag na muna tayong lumabas ng bahay. Bahay muna, buhay muna.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Aljo katulad mo, siyempre pumupunta ka rin sa studio at alam natin na mahigpit din iyong pinatutupad ng istasyon, iyong PTV para matiyak iyong kaligtasan naman noong mga empleyado rin ng istasyon na PTV, iyong pagsunod natin sa health protocols.

**BENDIJO:** Kumpleto naman tayo dito sa PTV ganoon din sa Radyo Pilipinas Usec., iyong mga minimum health standards, physical distancing; marami naman tayong supply ng alcohol dito at hopefully tuluy-tuloy na itong paglaban natin sa COVID-19. Makiisa po tayo sa pamahalaan.

**USEC. IGNACIO:** Katulad nga ng sinabi ni Secretary Galvez, magsisilbi na ring frontliners ang lahat ang taumbayan; lahat ng lumalabas ng kanilang tahanan frontliners na rin kayo, ibig sabihin matuto kayong sumunod sa ating safety health protocols at iyong social distancing, paghuhugas ng kamay at lahat ng mga kaparaanan para sumunod sa mga kautusan din ng Department of Health para tiyaking hindi na po kakalat ang COVID-19.

**BENDIJO:** Oo, ika nga ito iyong new normal. Huwag kalimutan natin itong mga panuntunang iyan lalo na itong pagsusuot talaga ng face mask at paghuhugas ng kamay. At mayroon yatang pamamahagi ng financial assistance para sa pamilya ng mga fallen frontliners, iyan ay ginagawa din ng—pinamamadali actually ng Pangulong Duterte Usec. 'no iyong assistance na ibibigay from Health Department. At iyan yata ang isa sa pinagtutuunan ng pansin ng Palasyo ng Malakanyang, bumuo ng isang team upang sa ganoon ay maibigay na ang tamang benepisyo para sa ating mga fallen frontliners lalo na sa kanilang mga pamilya.

**USEC. IGNACIO:** Oo nga. Katulad niyan, kailangan din nating makausap—sana makausap na natin iyong sa DTI kasi marami ring nagtatanong kung anu-ano pa iyong mga maaaring mabuksan ngayong GCQ. Sinasabi iyong… kung papayagan na ba kumain sa restaurants or papayagan na buksan talaga, anong mga serbisyo ang ibibigay ng mga parlor o salon at barber shops. So maraming mga bagay na kailangang maintindihan iyong mga Pilipino na paglabas ng kanilang tahanan, iyong parang hindi na rin sila naguguluhan.

**BENDIJO:** Opo. Abangan natin iyan ha, sige at may mga karagdagan ba tayong detalye sa pagbabalik ng Public Briefing #LagingHandaPH, Usec.?

**USEC. IGNACIO:** Okay, sige magbabalik muna tayo Aljo.

[COMMERCIAL BREAK]

**USEC. IGNACIO:** Nagbabalik po ang Public Briefing. Para naman po alamin ang latest updates sa COVID, muli nating makakasama sa programa ang napakasipag po na Undersecretary ng Department of Health, si Usec. Maria Rosario Vergeire. Magandang tanghali po, Usec.

**USEC. VERGEIRE:** Magandang tanghali po, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., ano na po ba ang update sa COVID-19 cases sa bansa at iyong lagay po ng mga testing laboratories, ilan po ba iyong ating inaasahan na maa-accredit pa sa mga susunod na linggo?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, ma'am. Ngayon po, base po sa ating datos, iyong kahapon po nang alas kwatro, mayroon ho tayong 20,626 number of cases total confirmed, kung saan po ang naidagdag natin kahapon ay 244; 168 po diyan are fresh cases and 76 are late cases.

Mayroon po din tayong naidagdag na 82 recoveries kahapon bringing our total to 4,330 recoveries as of yesterday. And we have added three deaths yesterday, bringing our total of deaths to 987.

Sa ngayon po, mayroon na tayong 52 na licensed laboratories kung saan po 40 ay RT-PCR labs and 12 are GeneXpert laboratories. We are still looking around mga 58 laboratories pa hopefully for this month ng June hanggang sa maybe second week of July, na malisensiyahan po natin lahat para ma-expand ang ating capacity.

**BENDIJO:** Usec., muli nang nag-resume iyong World Health Organization ng hydroxychloroquine clinical trials for COVID-19 matapos itong ma-suspend dahil sa pag-question sa safety po nito. Maaari ninyo ba kaming bigyan ng detalye tungkol dito, Usec?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Noong isang linggo po nagkaroon ng rekumendasyon or statement ang executive council ng WHO na sinasabing ititigil muna daw po ang hydroxychloroquine doon po sa kasama sa WHO solidarity trial. So, with that statement, ang Pilipinas po 'no, iyong ating mga proponents ay nagkaroon ng desisyon na susunod tayo doon sa rekumendasyon na iyon dahil mayroon po silang mga naibalita 'no based from articles na mayroon pong mga mortality and morbidity studies na lumabas.

Ngunit pagkatapos pong pag-aralang maigi ng WHO iyan, they again issued a statement saying that hydroxychloroquine can then again be continued in the WHO solidarity trial citing na sinasabi nila na pinag-aralan nila na maigi iyong mga artikulo at ito naman ay kasama po 'no doon sa mga sinasabing mga effects nitong hydroxychloroquine at maaari na po nating ituloy uli itong paggamit nito.

Tayo naman dito sa Pilipinas noong binigyan tayo ng advice na ganiyan, ating itinigil iyong mga newly allocated, iyong sa mga bago na ia-allocate pa lang. Pero iyong ating mga kababayan na on hydroxychloroquine uli, hindi naman natin itinigil. So ngayon, ang status natin,

ipinagpapatuloy na natin uli, na kasama na siya uli doon sa mga gamot na sinusubukan natin for this WHO solidarity trial.

**BENDIJO:** Usec., kagabi June 5, itinalaga ng Pangulong Duterte si Dr. Leopoldo Vega bilang pinakabagong undersecretary po ng Health department. Ano po ang kaniyang trabahong gagampanan bilang bagong appointed undersecretary ng DOH?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Nakita rin ho namin iyan but wala pa ho kaming nari-receive na instructions at hindi pa po nakakapag-usap-usap ang executive committee ng DOH para magkaroon po ng linaw kung paano po ng linaw kung paano po … kung saan maa-assign si Dr. Vega.

But this is a welcome development kasi si Dr. Vega naman po ay napakatagal nang naninilbihan bilang hospital chief, and he knows a lot and he is an expert on hospital operation.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec. Vergeire, sa panawagan po ng marami ukol sa medical frontliners po na nagkasakit at mga binawian ng buhay dahil po doon sa pagsisilbi sa bayan at pakikipaglaban sa COVID-19. Ano na po iyong latest na ginagawang hakbang ng DOH para po mapabilis iyong proseso ng pagbibigay po ng kompensasyon para sa pamilya ng mga nasawi at mga nahawang medical frontliners po?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky. Actually, yesterday, napirmahan na ho iyong ating joint administrative order noong isang araw. At kahapon po ay dala-dala iyong mga tseke, napuntahan na po ni Secretary Duque at ni Usec. Tong-an ang ating mga kababayan 'no, iyong mga relatives ng ating mga kababayan na namatay because of COVID-19, at naibigay na ho ang tseke sa 29 na heirs. Tatlo na lang po ang gagawin natin ngayong araw para makumpleto po iyong listahan natin at maibigay ang benepisyo na iyan.

With regard to those who had severe symptoms at mabibigyan po ng 100,000, iyong data base po namin ng 79 workers ay nakaayos na rin po. And maybe in the coming days, maibibigay na rin po natin agad-agad itong kompensasyon na ito.

**USEC. IGNACIO:** Usec., ano po ba iyong kadalasang concern na inilalapit ng ating mga kababayan sa inyong hotline at paano naman po ito tinutugunan ng Department of Health?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky. Marami, samu't sari ang ating nari-receive na mga complaints, mga requests at lahat. Pero ang isa na pinaka-common na tinatanong ng ating mga kababayan ay kung saan sila pupunta dahil may nararamdaman sila na parang COVID. So ito naman ay naipapaliwanag nang maayos. Nairi-recommend din namin ang ating tele-medicine na hotline para hindi sila agad-agad pupunta sa ating mga ospital to prevent further transmission.

So that is the common na tawag sa amin, Usec. Rocky. As for the others, iyon naman ay mga pagtugon naman doon sa mga reklamo nila ukol sa iba't ibang mga facilities natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., iyong sa mga datos na dumarating kaugnay pa rin ng COVID-19, nakikita ninyo po ba iyong posibilidad na posibleng from GCQ ay ibalik ang Metro Manila/NCR at iba pang bahagi sa ECQ?

**USEC. VERGEIRE:** Hindi pa natin iyan masasabi, Usec. Rocky 'no. So alam natin ang proseso. Ang proseso natin, ito pong pagsyi-shift natin ng mga community quarantine levels ay pinag-aaralan po ng ating mga eksperto ang ating mga datos for this existing two weeks na pinapatupad natin ang pagbalik nitong community quarantine level.

So malalaman po natin iyan baka po mga early next week kapag nakabuo na po ang analysis ang ating eksperto, at ipagbibigay-alam po natin sa publiko.

**USEC. IGNACIO:** Usec., ano na lang po ang inyong mensahe sa ating mga kababayan?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky 'no, ang lagi ho naming pinapaalala lalung-lalo na po ngayon na nag-shift na tayo sa General Community Quarantine at iyong iba naman po ay Modified GCQ na hindi pa ho tapos ang ating laban sa COVID-19. Hindi po porke na pinayagan natin ang mga tao sa labas ay hindi na natin kailangan mag-ingat. Kailangan pa ring maging vigilant; kailangan po aware tayo sa surroundings natin; kailangang ipatupad iyong mga pamantayan na sinasabi natin. And always remember, mayroon po kayong responsibilidad as an individual and as a member of the community para matulungan po ang gobyerno na sugpuin ang COVID-19.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong oras at panahon, DOH Undersecretary Vergeire. Mabuhay po kayo.

**USEC. VERGEIRE:** Thank you very much po.

**USEC. IGNACIO:** Aljo, iyon ang aantabayanan natin by next week kasi marami din ang nagsasabi na iyong mga datos, kailangan na malaman natin kasi parang ang sabi ng ating netizen, mukhang hindi nag-i-improve o dumadami pa rin iyong bilang ng mga nagpositibo. Pero sinasabi naman ng DOH—mayroon kasing mga dagdag at sinasabi nga, nagkaroon nang mas maraming testing laboratories or capacity kaya nadadagdagan iyong datos ng mga nagpopositibo sa COVID-19. Pero ang mahalaga daw diyan, iyong bilang ng mga recoveries.

**BENDIJO:** All right. At maliban diyan, Usec., ay inaantabayanan natin ang DTI para alamin natin iyong mga guidelines sa re-opening ng mga negosyo - iyong barber shop, salon, restaurant, guidelines sa pagri-rent ng mga stalls, at iyong sistema sa online selling. Bawal pala iyong "PM", i-PM ninyo na lang iyong presyo. May sinasabi ang DTI na dapat i-disclose iyong presyo, panuntunan iyan. Makakausap natin mamaya ang DTI.

**USEC. IGNACIO:** Aljo, sa puntong ito makakausap naman natin via phone patch si Department of Trade and Industry Sec. Ramon Lopez.

Magandang araw po, Secretary!

**SEC. LOPEZ:** Hello! Magandang umaga po, USec. Rocky at saka kay Mr. Aljo at sa inyo pong listeners.

**BENDIJO:** Good morning po, Sec.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Secretary, ano-anu na po ang mga regulasyon na dapat sundin sa pagbubukas ng mga negosyo na may direct contact sa mga customers gaya po ng barber shops at beauty salons?

**SEC. LOPEZ:** Opo. Sa GCQ tulad ng Metro Manila, starting tomorrow, June 7, magbubukas na po ang mga barber shops, salons at bago ho sila magbukas ni-require po natin na sundin nila iyong health protocol na inisyu natin two weeks ago para maka-prepare po sila sa pagbubukas.

Ito ho iyong mga pag-iingat ng mga equipment, sanitation, acrylic divider, iyong paggamit ng mga sterilizer para sa mga kagamitan nila, etc. So, ito ho ay ipai-implement na natin para makapag-open na; at saka ang puwedeng i-open 30% capacity nila sa mga barbershop and salon.

Tapos sa mga restaurants naman, iyong dine-in puwede na siya pero doon sa mga Modified GCQ areas. Pero marami na rin iyan, mga over 60 provinces and cities na in-allow na ang—well, Modified GCQ na sila and therefore allowed na rin itong mga dine-in.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero Secretary, ano po iyong mga guidelines bukod pa doon sa sinasabi ninyong ilang porsiyento lang na kailangan doon sa may restaurant? Ano pa po iyong mahigpit na guidelines na gusto ninyong ipatupad kung mapapayagan na po iyong dine-in dito sa MGCQ?

**SEC. LOPEZ:** Oo. So, MGCQ allowed na ang dine-in up to 50% capacity, so iyong mga mahihigpit na guidelines diyan iyong sa pag-enter pa lang, sa pagpasok pa lang ng establishment mayroon din silang temperature scanning, na kinukuha rin iyong temperature pati iyong may—kung outdoor po ito ay may footbath pa para iyong sa apakan ma-sanitize. Tapos iyong mga cashier ay usually may acrylic divider o kaya ay enough protection iyong mga cashier.

Iyong sa pagbayad as much as possible using din iyong mga non-cash na paraan tulad ng either debit card, credit card o kaya iyong sa technology ng Dreamtech, iyong QR code. Kung hindi naman, kung cash naman ay puwede rin pero ilalagay sa tray at ibibigay, hindi po diretso iaabot.

Tapos sa mga dining area ito iyong may mga tables and chairs na hindi ipagagamit para may enough space sa pagitan ng mga dalawang customers. So, iyon iyong mga example ho iyon. In some cases para mas maraming occupancy, makaya iyong let's say 50% ay maglalagay din ng mga divider bawat table kung saan kinakailangan para let's say, gusto nilang masagad iyong 50% na allowed, gagawin din nila iyon.

Kasi minsan maliit iyong space kaya hindi kakayanin iyong one meter apart; pero kung basta mayroong enough space at may divider ay safe na rin iyong mga customers.

Mayroon din tayong ine-encourage na gamitin na technology app para makatutulong sa contact tracing at saka pag-assess ng mga customer kung sila ba ay pasado din sa kanilang health condition. So, papagamit natin iyong SafePass na technology app at saka iyong StaySafe na technology app para din sa contact tracing ng mga customers. So, maganda ang ano—feeling safe po sila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, ngayon nga pong magsisimula na ulit magbukas iyong ilan nating mga establishment na pansamantala nga pong napilitang magsara dahil sa pandemya. Sa ngayon po, mayroon din bang guidelines ang DTI para naman po sa mga businesses na nagre-rent ng stalls sa mga malls at maging po dito sa pamilihang bayan?

**SEC. LOPEZ:** Yes, ang atin pong renta ay tuloy pa din iyong grace period dahil po sa inisyu na ng IATF ay iyong grace period po ay mula noong ECQ, noong Modified ECQ hanggang GCQ. So, ibig sabihin may grace period at kapag na-lift na po itong General Community Quarantine, doon pa lang mag-uumpisang bilangin iyong 30 days, iyon ho ang pinaka-grace period po para ho matulungan talaga iyong mga umuupa lalo na kung ito ay micro SMEs.

**BENDIJO:** Sec. Mon, kamakailan po ay nagbukas ang DTI ng loan facility para sa mga maliliit na negosyante – small, medium enterprises na nais pong mag-manufacture ng mga PPEs at iba pang mga medical equipment. Kumusta na po sila?

**SEC. LOPEZ:** Okay po. Bale ho iyong atin hong… in general, may program tayo na pautang sa mga micro SMEs, nagsimula na ho iyon noong May 25. May mga application na natanggap, kauumpisa lang po iyon kaya medyo… mayroon na ring mga 15 million na napautang—P15 million worth, maliit pa lang but umpisa na.

We expect na may mga approval tayo ng mga 1,000 na borrowers by end of June and by end of July hopefully iyong total loan package natin ma-distribute na natin, mapautang na natin by end of July, in two months. Sa dami ng mga nag-a-apply tingin natin ay mauubos po iyon, so nag-umpisa na po tayo doon sa pautang na low interest.

At iyong sinasabi po ninyo na isa ring facility para sa mga magpo-produce ng mga PPE, open na rin po iyon, kasama na rin ito sa binuksan na pautang na pondo para doon sa mga magma-manufacture naman ng mga medical devices like facemask or PPEs.

**BENDIJO:** Opo. Iyong abiso naman ng DTI sa mga hindi po sang-ayon sa paglalagay ng presyo ng kanilang mga paninda dahil ito daw po ay isa sa marketing strategy ng mga online sellers, online po ito, Sec., at para maiwasan daw itong tinatawag na customer stealing?

**SEC. LOPEZ:** Ay, naku! Iyan po ay—required po iyong Price Tag Law kaya ho hindi po uubra iyong walang ganoong presyong ilalagay kahit marketing pa nila iyon. Dapat ho talaga precisely nakasulat ho iyong presyo para nga iyong consumer at customer ay nakakapili noong mismong—immediately makakapili sila ng produkto at iyong presyo na bagay or gusto nila. Iyon po ay nakasaad sa batas, so kailangan hong sundin iyon. Kapag wala hong Price Tag Law, hindi ho puwedeng dapat magbenta online. So iyong mga platform na nagbebenta nito dapat hindi i-allow iyon, hindi payagan. Kung ito naman ay nasa Facebook, i-report lang po sa amin sa 1384 para po matunton sila at masabihan or kung hindi man ay mamultahan, ma-penalty.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, puwede ninyo po bang maibigay sa amin iyong anong mga guidelines na pupuwedeng ibigay ng DTI dito sa mga online seller para po maging maayos po iyong gagawin nilang pagsunod sa direktiba ng pamahalaan tungkol dito?

**SEC. LOPEZ:** Simple lang naman po. Bale itong mga "PM me", iyong mga tatawag ka pa or magte-text ka pa to get the price or to get the other details. Ang importante ay nandoon lang iyong presyo, iyong actual price, walang labis, walang kulang. Kasi minsan ilalagay daw nila iyon tapos kapag tinawagan naman sila ay iba pala iyong presyo. So, mali iyon, violation na iyon.

Any form of deception, iyong panloloko o panlilinlang sa mga consumer ay puwede ho silang mahabla at ma-complain, maireklamo dito po sa hotline na 1384 para po mapuntahan po sila.

**USEC. IGNACIO:** Ngayon nga po kasi nauuso na iyong mga online selling; para naman po sa online consumers, ano naman po ba iyong karapatan nila na dapat nilang malaman at ano po iyong mga batas na nagbibigay proteksyon sa kanila laban po doon sa mga magsasamantala?

**SEC. LOPEZ:** Well, unang-una iyang presyo… napag-usapan natin iyang presyo na naka-indicate dapat, so parang Price Tag Law iyan. Pangalawa, iyong authenticity noong produkto, ibig sabihin iyong product na naka-display or nakaano sa online, iyon po 'yung mismong product na matatanggap nila in terms of iyong quality, iyong specification at hindi uli panloloko 'no, hindi iyong under standard, hindi substandard, etcetera. So kung ano iyong specs na sinasabi doon, dapat iyon din 'yung matatanggap nila.

At any reklamo, kunwari hindi nasunod iyong sinabing specification, iyon po 'yung basehan ng pagreklamo nila so itatawag uli nila sa 1384. Marami na tayong mga complaint na ganiyan, actually iyong online, kaya nga po ang advice natin sa mga consumers ay mag-ingat 'pag online sale at even ang Presidente natin nagbabala na rin na mag-ingat sa mga online sellers.

Ang importante ho, malaking tulong kung itong online na bibilhan natin ay nasa platform ng mga trusted na platform, ibig sabihin iyong mga malalaking platform. Kasi iyong platform na

iyon, nai-identify din nila iyong sino iyong mga online sellers. Para ka ring pumunta sa isang commercial store/department store na kilala nila kung sino iyong mga nagtitinda at hindi lamang nasa bangketa or informal sector na hindi mo alam kung saan galing iyon.

So iyon naman 'yung analogy kung iyon po ay nagtitinda sa tabi-tabi lang, parang iyon 'yung analogy noong online seller na kung sinu-sino lang 'no. Pero kung iyon po 'yung seller ay nasa isang platform, para rin siyang may puwesto na matino, iyong consumer mas panatag ang loob na doon po bumili kasi nga may traceability, puwede nating ma-trace saan iyong nabili nila, kung fake or mali ang specs or substandard, mako-complain po nila iyon, mahahabol natin. Kasi mahirap pong habulin kapag wala ho sa ganoon.

**BENDIJO:** Opo. Sec. Mon, ang inyong mensahe na lang para sa ating mga kababayan ngayong mayroon pa ring pandemic?

**SEC. LOPEZ:** Opo. Tama ho, mayroon pa rin hong pandemic. Hindi porke binuksan na po, GCQ, mas maraming bukas na negosyo ay nawala na iyong pandemic. Nandiyan pa rin ho iyon kaya lang ho kaya ho nabuksan na iyan dahil mayroon ho tayong mga nire-require na mga health protocols/pag-iingat sa mga establisyimento at saka bumaba naman iyong ating statistics sa mga may sakit or iyong mga namamatay at marami na ring health facilities kaya may confident na ang ating ekonomiya na dahan-dahan magbubukas.

Pero mag-ingat ho tayo kasi madali ring sumipa iyan na mag-worsen ulit iyong health condition ng ating bayan kaya ho doble-doble ang pag-iingat, iyon din po 'no.

Ang pagbubukas ho ay pagmo-move sa GCQ and eventually hopefully sa Modified GCQ, ibig sabihin lang po ay mas marami na tayong maa-allow magbukas na negosyo at trabaho. Kasi iyon naman po ang gusto natin, na maibalik na uli ang trabaho at income ng ating kababayan; pero doble-doble ingat din po. Sumunod pa rin tayo sa mga patakaran at iyang mga social distancing at wearing of mask.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Aljo, may karagdagang tanong lamang ako kay Secretary Lopez. Secretary Lopez, kasi mayroon din po kaming napansin katulad po ni Commissioner Lizada ng Civil Service, pareho naming napansin 'to, kasi iyong ilan po talaga hindi siniseryoso iyong sinabi ninyo na kailangan po ilalagay iyong presyo sa online selling. Ano po ang aksiyon dito ng DTI o dapat gawin ng DTI?

**SEC. LOPEZ:** Iyan po ay puwedeng ipa-trace at hindi lang po DTI ang puwedeng humabol sa kanila. So ia-alert din natin iyong composite team ng DTI kasama rin ng PNP at NBI. So puwede ho nilang ma-trace, so at their risk, may risk po sila 'pag hindi sila sumunod at puwede ho silang mahabol.

**USEC. IGNACIO** Oo. Bigyan ninyo na lang po Secretary ng paalala iyong ating mga kababayan na huwag naman pong—I mean, gawing seryoso iyong ginagawa ng pamahalaan para na rin po talaga sa paglaban natin sa COVID-19. Paalala lamang po, Secretary Lopez.

**SEC. LOPEZ:** Opo. Iyon po ay sana seryosohin nila dahil talagang puwede ho silang mahabla diyan, mahabol at mamumultahan. At may kulong din iyan lalo na kung BNPC, iyong basic necessity o prime commodity dahil 'pag iyan po, diyan po may price deception or product deception ay magkakaroon po nang malaking multa at may kulong. So babala po sa magba-violate at puwede ho sila talagang mahabol diyan.

**USEC. IGNACIO:** Oka. Maraming salamat po, DTI Secretary Ramon Lopez. Stay safe po.

**SEC. LOPEZ:** Okay. Stay safe, mabuhay po kayo Usec. Rocky and si Mr. Aljo.

**BENDIJO:** Thank you po, Sec.

**USEC. IGNACIO:** At iyan po ang mga mahahalagang impormasyon na aming nakalap ngayong araw. Muli, maraming salamat po sa mga nakausap natin kanina sa inyong paglalaan ng oras para sa programa. Asahan ninyo na patuloy naming ihahatid ang mga mahahalagang balita na kailangan ninyong malaman.

**BENDIJO:** Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office, sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa po ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas, KBP. Maraming salamat din sa Filipino Sign Language Access Team for COVID-19.

At sa ngalan po ni Secretary Martin Andanar, ako po si Aljo Bendijo.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa'yo Aljo. At mula po sa Presidential Communications Operations Office, ako po si Usec. Rocky Ignacio. Magkita-kita po tayong muli sa Lunes dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

***###***

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)